

Beeyotch's Better than Fiction: Intertekstuwal na Signipikasyon sa Pagpapahalagang Pilipino

April Rose Legaspi Arcilla, D.A.¹, Niña Jen Ruta-Canayong, D.A.²

Arceolo Memorial National High School, DepEd Division of Cebu Province, Philippines¹

Department of Languages and Literature, Cebu Normal University, Philippines²

ABSTRACT: Ang pag-aaral na ito ay naglalayong masuri ang intertekstuwal na signipikasyon sa Pagpapahalagang Pilipino mula sa social seryeng Better than Fiction ni Beeyotch. Tinitiyak na mabigyang diin ang sumusunod na Pagpapahalagang Pilipino: (1) Paayong Pagpapahalaga (2) Mga Kaugnay na Kilos (3) Pagpapahalagang Tulay ng Sarili sa Iba. Nakaangla ang pag-aaral sa Teoryang Sikolohiyang Pilipino ni Virgilio G. Enriquez. Sinuri ang pag-aaral sa pamamagitan ng Content Analysis. Ito ay ang pagsusuri at paglalarawan o pagpapakahulugan ng mga ipinapahayag na teksto sa isang akda. Mababasa ang *social* seryeng “*Better than Fiction*” ni Beeyotch sa *wattpad* o *facebook* at sa aklat. Ang *social* seryeng “*Better than Fiction*” ay naglalaman ng tatlong kuwento: *Missent*, *The Pretend Game*, *Almost like a Fairy Tale*. Lumabas sa pag-aaral na may tatlong pagpapahalagang Pilipino sa pakikipagrelasyon na nabunyang sa kuwento: ang Paayong Pagpapahalaga (Accommodative Surface Value), Mga Kaugnay na Kilos (Associated Behavioral Pattern), Pagpapahalagang Tulay ng Sarili sa Iba (Pivotal Interpersonal Value). Bawat Pagpapahalagang Pilipino ay sumasaklaw ng iba’t ibang ugali ng Pilipino sa pakikipagrelasyon na nabunyang sa kuwento. Napatunayan mula sa unang Pagpapahalagang Pilipino, ang Paayong Pagpapahalaga ay ang ugaling hiya (propriety/ dignity), utang na loob (gratitude/ solidarity) at pakikisama (companionship/ esteem). Sa ikalawang Pagpapahalagang Pilipino, Mga Kaugnay na Kilos sumasaklaw ang ugaling biro (joke), lambing (sweetness) at tampo (affective disappointment). Naibunyang sa ikatlong Pagpapahalagang Pilipino, ang Pagpapahalagang Tulay ng Sarili sa Iba ang ugaling pakikiramdam (shared identity) ng mga tauhan mula sa kuwento. Batay sa mga natuklasan, mula sa mga datos na nakalap nabuo ang konklusyon na ang *social* seryeng “*Better than Fiction*” ay naglalahad ng intertekstuwal na signipikasyon sa Pagpapahalagang Pilipino sa kasalukuyang panahon. Mula sa mga natuklasan at konklusyon, ang sumusunod ay inirekomenda: mabigyang pokus at halaga ang mga kinagisnang kultura at ugali ng mga Pilipino tulad ng hiya, utang na loob at pakikisama sa Paayong Pagpapahalaga mula sa Sikolohiyang Pilipino, maunawaan at maipadama ang damdamin ng mga Pilipino tulad ng biro, lambing at tampo sa Mga Kaugnay na Kilos mula sa Sikolohiyang Pilipino at maiugnay at mapatibay ang relasyon sa sarili sa kapwa mula sa pag-unawa at pagsasalamin sa Pagpapahalagang Tulay ng Sarili sa Iba na sumasaklaw ang ugali ng pakikiramdam.

KEYWORDS: *Intertekstuwal, Mga Kaugnay na Kilos (Associated Behavioral Pattern), Paayong Pagpapahalaga (Accommodative Surface Value) Pagpapahalagang Pilipino, Pagpapahalagang Tulay ng Sarili sa Iba (Pivotal Interpersonal Value), Sikolohiyang Pilipino, social serye*

I. INTRODUCTION

Sa mundo ng *internet*, marami ang nahuhumaling at sumasandig nito sa iba’t ibang dahilan. Isa sa mga kinahihilingan ng karamihan lalong-lalo na sa mga kabataan ay *social networking sites*. Ito ay naging patok at nakasanayan ng gamitin ng karamihan dahil na rin sa mabuting dulot nito lalong-lalo na sa aspeto ng pag-aaral at maging sa paglilibang.

Mababasa rin sa *social media* ang mga impormasyon na ninanais malikom o makuha ng karamihan. Kahit ang mga nababasang kuwento sa aklat ay binigyang buhay sa *internet*. Naging mabisa at madali ang pagbabasa nito sa karamihan. May bisa ang pagbabasa na humihigit sa nakaimprentang teksto ng mga aklat, lathalain at iba pang mga babasahin. Ang isa sa mga bisa rin nito ay nakapagpapaintindi sa mga mambabasa ng mahahalagang alituntuning-moral sa buhay. Mula sa epistemolohiyang panitikan ni Padre Modesto De Castro sa kanyang mga sulat ni Feliza kay Urbana, na ang saysay ay ang magandang asal nang kapatid na bunso na si Honesto, makapag aaral ang bata, at makatatanto nang kaniyang katungkulan sa Diyos, pagkatanaw nang kaliwanagan ng kanilang bait. Ang mga pangalan ng mga panauhan sa “*Urbana at Feliza*” ni P. Modesto de

Castro ay mga sagisag ng aral na nais maparating ng sumulat sa mga mambabasa. Ang pangalang “Urbana” ay sagisag ng Urbanidad o kabutihang asal (*good manners*). Ang pangalang “Feliza” ay galing sa Kastilang “feliz” (maligaya) at ang sinasagisag ay ang kaligayahang natatamo dahil sa pagpapakabuti at pagka-masunurin. Ang pangalang “Honesto” ay sagisag ng kalinisang-budi at karangalan. Sinabi ni P. Modesto de Castro sa aklat na kung ang mga aral ng kaniyang “Urbana at Feliza” ay pakinabangan ng mga tao (Cabatbat et al.10).

Ang mga nabanggit na kinagisnang kultura at ugali ng Pilipino sa epistemolohiyang panitikan ay nakuha at naisasalamang din sa tema ng modernong panitikan. Ang mga anyo ng panitikan noon tulad ng tula, kuwento, nobela at iba pa ay kakikitaan pa rin hanggang sa kasalukuyan ngunit ang ipinagkaiba ng panitikan noon at sa modernong panahon ay ayon sa anyo at pamamaraan. Mababatid sa kasalukuyan na sumasabay ang panitikan sa modernisasyon sa pabago-bagong aspeto ng teknolohiya at internet. Ang modernisasyon na ito ang nagluwal sa mga makabagong anyo at pamamaraan ng pagtula, pagkukuwento at iba pang anyo ng panitikan.

Marami na ang isinilang at umiiral na modernong anyo ng panitikan, nariyan ang mga kuwentong isinulat sa anyo ng isang bidyo na may kaagapay na musika habang binabasa kung saan maaalalang sumikat si Marcelo Santos III, na mayroon na ngayong dalawang nailimbag na libro. Nariyan ang mga lupong ng maiikling tula na mabilis basahin ni Lang Leav. Mayroon ding lumalagong panitikan ng *spoken word poetry* sa bansa kung saan naging tanyag si Juan Miguel Severo na pinamagatang “Prinsipe ng Hugot.” Nariyan din ang *battle rap* na pinabantog ng *FlipTop Battle League* na itinuturing na makabagong anyo ng balagtas.

Sa kasalukuyan, dahil sa naging patok sa masa ang mga kuwento sa *wattpad* o mga *social serye* sa *social networking sites* marami ng nailimbag at nagawan ng aklat nito. Ilang halimbawa nito ay ang *social serye* ng Christian and Anne na isinulat ni Dolce Amore, *Better than Fiction* ni Beeyotch, Vince and Kath ni Queen Elly at iba pa. Ang mga makabagong anyo at pamamaraan ng pagkukuwento ang nagpalapit sa bituka ng henerasyon ngayon o tinatawag na mga “milenyal” sa kultura ng pagbabasa.

Ang nabanggit na mga *social serye* ay isang kontemporaryong pamamaraan ng pagkukuwento na may kombinasyon sa larangan ng panitikan at komunikasyon. Napapabilang ang *social serye* sa larangan ng panitikan sapagkat ito ay nagsasalaysay o naglalahad ng pagkakasunod-sunod na pangyayari o daloy ng kuwento. Dagdag pa nito, ito rin ay may halo sa larangan ng komunikasyon sapagkat ang *social serye* ay paglalahad ng kuwento sa pamamagitan ng *screenshots* sa *chat* o sa *text*. Mapapatunayan na sa pamamagitan ng *pagchat* o *text*, kakikitaan ng interaksyon ang bawat karakter sa kuwento. Ito ang nagbibigay buhay sa komunikasyon na nagpapatibay sa relasyon ng kapwa at pagpapatibay sa ugaling Pilipino.

Dahil dito, susuriin sa pag-aaral ang intertekstwal na signipikasyon sa Pagpapahalagang Pilipino mula sa *social serye* ng “*Better than Fiction*” ni Beeyotch. Makatutulong ang pag-aaral na ito sa isang makabagong pagtuturo sa K-12 kurikulum na magamit ang akda na itinuturing makabagong anyo ng panitikan bilang lunsaran ng mga guro at estratehiya o teknik sa kanilang pagtuturo sa larangan ng komunikasyon at panitikan upang mas interaktibo at kawili-wili ang talakayan, malinang ang kakayahan ng mag-aaral na sumuri sa intertekstwal na signipikasyon sa Pagpapahalagang Pilipino mula sa nabanggit na *social serye* at maipagtibay ang diwa ng pagka-Pilipino na may pagpapahalaga sa kultura at pagpreserba sa nakaugalian, gawi at paniniwala ng mga Pilipino na unti-unting nagbago na dulot ng modernisasyon.

Pinaniniwalaan na wala pang pag-aaral ang nagsagawa nito dahil sa ito ay bago sa panlasa ng karamihan at naayon sa makabagong henerasyon. Nakaangkla ang pag-aaral na ito sa teoryang Sikolohiyang Pilipino ni Virgilio G. Enriquez. Hangad ng pag-aaral na ito na masuri ang intertekstwal na signipikasyon sa Pagpapahalagang Pilipino mula sa *social serye* ng *Better than Fiction* ni Beeyotch.

II. OBJECTIVES

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong masuri ang intertekstwal na signipikasyon sa pagpapahalagang Pilipino mula sa *social serye* ng “*Better than Fiction*” ni Beeyotch. Tinitiyak na mabigyang diin ang sumusunod na pagpapahalagang Pilipino: (1) paayong pagpapahalaga (2) mga kaugnay na kilos (3) pagpapahalagang tulay ng sarili sa iba.

III. MATERIALS AND METHODS

Ang pag-aaral na ito ay gagamitan ng **Content Analysis**. Ito ay ang pagsusuri at paglalarawan o pagpapakahulugan ng mga ipinapahayag na teksto sa isang akda. Gagamitin sa pag-aaral na ito ang *social serye* ng “*Better than Fiction*” ni Beeyotch na mababasa sa *wattpad* o *facebook* at sa aklat. Ang *social serye* ng “*Better than Fiction*” ay naglalaman ng tatlong kuwento: *missent*, *the pretend game*, *almost like a fairy tale*. Susuriin ang Intertekstwalisasyon sa Estruktura ng mga Pagpapahalagang Pilipino sa Pakikipagrelasyon mula sa Sikolohiyang Pilipino. Binigyang pansin sa pagsusuri nito ang tatlong uri ng Pagpapahalagang Pilipino; Paayong Pagpapahalaga o *Accommodative Surface Value*, Mga Kaugnay na Kilos o *Associated Behavioral Pattern* at Pagpapahalagang Tulay ng Sarili at Iba o *Pivotal Interpersonal Value*.

IV. RESULTS AND DISCUSSION

Sinuri sa bahaging ito ang intertekstuwalisasyon ng bawat kuwento sa social seryeng “*Better than Fiction*”. Makukuha ang intertekstuwalisasyon mula sa kontradiksyon o nagsasalungatang kaisipan at simbolikong interaksyon sa social serye. Kaugnay nito, makikita sa talahanayan ang Intertekstuwalisasyon sa Estructura ng mga Pagpapahalagang Pilipino sa Pakikipagrelasyon mula sa Sikolohiyang Pilipino.

Ayon kay Yacat (15), nilinang at pinagtibay na noon pa ni Enriquez, Ama ng Sikolohiyang Pilipino ang Sikolohiyang Pilipino bilang isang sikolohiyang bunga ng karanasan, kaisipan at oryentasyong Pilipino. Kalakip sa pag-aaral nito ang sandigan ng balangkas sa Estructura ng mga Pagpapahalagang Pilipino ni Enriquez. Susuriin sa pag-aaral ang intertekstuwalisasyon sa Pagpapahalagang Pilipino sa kuwentong “*Better than Fiction*”.

Ang *core value* o buod na Pagpapahalaga ay ang kapwa. Ayon kay Enriquez banggit sa pag-aaral ni Yacat (19) ang kapwa ay pagsasanib ng ako at iba. Ibig sabihin ito ang nagbubukas sa puso’t isip ng mga Pilipino na isama ang Ibang tao o tinatawag na outsider. Kaugnay nito, mayroong pitong pagpapahalagang Pilipino sa nagawang balangkas banggit ni Yacat (12): (1) Paayong Pagpapahalaga, (2) Mga Kaugnay na Kilos, (3) Palabang Pagpapahalaga, (4) Pagpapahalagang Tulay ng Sarili at Iba, (5) Buod na Pagpapahalaga, (6) Pagpapahalagang Tulay ng Sarili at Lipunan at (7) Pagpapahalagang Panlipunan.

Mula sa pitong pagpapahalagang Pilipino sa balangkas nito, nakatuon lamang ang pag-aaral nito sa tatlong pagpapahalagang Pilipino sa pakikipagrelasyon. Ito ay ang Paayong Pagpapahalaga, Mga Kaugnay na Kilos at Pagpapahalagang Tulay ng Sarili sa Iba. Nakapokus ang Paayong Pagpapahalaga sa hiya, utang na loob at pakikisama samantalang sa Mga Kaugnay na Kilos binigyang diin nito ang biro, lambing at tampo. Magkaiba rin sa Pagpapahalagang Tulay ng Sarili sa Iba na naayon sa pakikiramdam.

Kaugnay na mga nabanggit na pagpapahalagang Pilipino. Mapapatunayan din sa artikulo “Tungo sa Isang Mas Mapagbuong Sikolohiya: Hamon sa Makabagong Sikolohiyang Pilipino” ni Jay A. Yacat (11) ang iniisa-isang kahulugan ng Pagpapahalagang Pilipino sa Sikolohiyang Pilipino.

Ang unang nakalakip sa estructura ng Pagpapahalagang Pilipino sa Sikolohiyang Pilipino ay Paayong Pagpapahalaga o *Accommodative Surface Values*. Saklaw ng katangian ng Pilipino nito ay hiya, utang na loob at pakikisama. Kadalasan naiugnay ang hiya sa naaangkop na pag-uugali ng mga Kanluraning Sikologo. Ang utang na loob o “*Norm of Reciprocity*” sa Ingles bilang isa sa mga katangian ng Pilipino ay nangangahulugang inaasahan ng kapwa na gumanti sa pabor na natanggap, hiningi man o hindi o ito man ay kailangan o ginusto. Ang Pakikisama o Pakikipagkapwa ay mahalaga sa pakikipagsalamuha sa ibang tao o sa kapwa.

Dagdag pa nito, ang ikalawang nakalakip sa estructura ng Pagpapahalagang Pilipino sa Sikolohiyang Pilipino ay Mga Kaugnay na Kilos o *Associated Behavioral Pattern*. Saklaw nito ang biro, lambing at tampo na mga ugali ng Pilipino.

Ang kasunod na nakalakip sa estructura ng Pagpapahalagang Pilipino sa Sikolohiyang Pilipino ay Pagpapahalagang Tulay ng Sarili o *Pivotal Interpersonal Value* at Iba na kung saan saklaw nito ang pakiramdam ng tao. Ang mga Pilipino ay gumagamit ng damdam, o ang sariling kaisipan sa damdamin ng iba, bilang pangunahing kasangkapan sa kanyang pakikitungo sa kapwa tao.

4.1. Paayong Pagpapahalaga o Accommodative Surface Values

Hiya (*Propriety/ Dignity*)

Ang unang nagawang pagsusuri ay ang intertekstuwalisasyon sa Paayong Pagpapahalaga o Accommodative Surface Values mula sa Sikolohiyang Pilipino. Ang unang saklaw nito ay ang hiya (*propriety/dignity*). Ayon kay Salazar banggit sa pag-aaral nina Clemente et al. (10), maraming paraan upang unawain ang konsepto ng hiya, lalo pa ay posibleng mag-iba ang depinisyon nito depende sa panlaping ikakabit nito. Sa halimbawang ibinigay ni Zeus Salazar, magkakaiba ang “mahiyain” (isang ugali), “kahiya-hiya” (isang damdaming dulot ng isang bagay na ginawa ng isang tao), at “manghiya” (isang kilos). Kung susuriin ang ilang naisulat na tungkol dito, lumalabas na tatlo ang kadalasang paraan ng pagdalumat sa hiya: bilang damdamin, ugali, at pamantayan (value) o pagpapahalaga. Bawat isang konseptuwalisasyon ay may implikasyon sa pagpapakahulugan sa hiya.

Dagdag pa nito ayon kina Lynch et al. sinipi sa pag-aaral nina Clemente et.al (12), ang hiya ay isang negatibo at hindi kanais-nais na emosyon. Ang mga damdamin o emosyon gaya ng tuwa, lungkot, at galit ay mga dinamikong reaksyong bunga ng pagtatasa (*appraisal*) sa personal na kabuluhan ng isang pangyayari o sitwasyon. Kung gayon, may sanhi o pinagmumulan ang isang damdamin. Sa kaso ng hiya, nararamdaman ito kapag napagtanto ng isang indibidwal na ang ikinitos niya ay hindi naaayon sa dikta ng lipunan o lumabag ito sa isang obligasyon at mga napagkasunduan. Maaari ring pagmulan ng hiya ang mga sitwasyong nagbubukas sa sarili na maging target ng panghuhusga at pangungutya mula sa ibang tao. Bahagi ng karanasan ng hiya ang pangamba na madiskubre ng iba ang mga taglay na kahinaan at nagawang kamalian ng sarili.

Ang unang paglalarawan ng hiya ay hiya bilang isang damdamin. Ayon kay Bulatao banggit nina Clemente et al. (14) itinuturing ang hiya bilang isang damdaming interpersonal at panlipunan. Nararanasan ito sa konteksto ng isang interaksyon, sa harap ng ibang tao, o sa mga sitwasyong isinasalang-alang ng isang

indibidwal ang maaaring maging reaksiyon o epekto ng kanyang kilos sa lipunan. Subalit, kung walang pakialam ang isang indibidwal sa magiging ebalwasyon sa kanya ng ibang tao, posibleng hindi siya makaramdam ng hiya. Kadalasan, ang ibang taong ito na nakapagdudulot ng hiya ay yaong mga may kakayahang makaimpluwensya sa pagtingin sa sarili, tulad ng mga magulang o ang lipunan sa pangkabuuan.

Madalas na may kaukulang kilos na maaaring kasabay, kasunod, o nauuna sa pagdanas ng partikular na damdamin. Ang isang taong nakaramdam ng hiya ay maaaring mapayuko upang itago ang kanyang mukha o lumisan sa sitwasyong nagbunga ng damdaming ito. Kapag ang isang tao ay nahihya, may mga kilos na hindi maisagawa. Ilang halimbawa nito ay hindi makapagsalita sa harap ng awtoridad, hindi makapagtanghal sa harap ng maraming tao, hindi makapagpahayag ng tunay na nararamdaman, at iba pa. Kung gayon, ayon kina Torres at Jocano binanggit nina Clemente et al. (16) isang epekto ng hiya ang pagpipigil (*inhibition*) tulad ng pangngimi, pag-aatubili, o pag-aalinlangan sa pagkilos.

Ang ikalawang paglalarawan ng hiya ay bilang isang katangian. Ayon kay Nilsson sa pag-aaral nina Clemente et al. (19) bilang katangiang naglalarawan sa isang tao, mas palasak ang paggamit sa “mahiyain” (*shy o timid*) bilang porma ng hiya. Sa pagdadalumat na ito, ang pagkamahiyain ay isang ugali, isang *pattern* ng pagkilos at pag-iisip na ipinapamalas ng isang inibidwal at madalang magbago-bago sa mga sitwasyon o panahong kinaroroonan ng indibidwal na ito.

Ang ikatlong paglalarawan ng hiya ay bilang isang pagpapahalaga. Nakaangkla ang kaisipang ang hiya ay isang pagpapahalaga kay Enriquez sa kanyang Teorya ng Kapwa sa Sikolohiyang Pilipino banggit nina Clemente et al. (23). Isa ang hiya sa labindalawang pagpapahalagang bumubuo sa value structure ng mga Pilipino.

Mula kay Schwartz na binanggit sa pag-aaral nina Clemente et al. (25) kung pagpapahalaga ang hiya, isa itong pamantayan, prinsipyo, o paniniwala na nagsisilbing gabay sa pagkilos ng tao. Naiiba ang mga pagpapahalaga sa ugali o damdamin dahil ang nauna ay laging ninanais o nakabubuti para sa lahat ng tao at sa lahat ng pagkakataon. Walang pagpapahalagang masama at kapag sinunod na prinsipyo sa buhay ang pagkakaroon ng hiya, positibo ang nagiging epekto nito sa kahit saang konteksto. Hindi tulad ng ugali o damdamin na mas likas sa isang tao (*innate*) at madalas ay awtomatikong naipapahayag, ang mga pagpapahalaga ay natututunan at maaaring magbago. Ang bawat isang pagpapahalaga rin ay may pinag-uugatang mga pangunahing motibasyon. Ibig sabihin, bawat isa sa kanila ay nagpapahayag at kumakatawan sa mga pangunahing mithiin sa buhay. Sa pagpapakahulugan sa hiya bilang pagpapahalaga, importanteng tukuyin ang pangunahing motibasyon nito.

Binibigyang diin ang katangian ng hiya bilang isang paniniwala o prinsipyo. Ang isang taong may hiya o marunong mahiya ay may pakialam sa magiging ebalwasyon sa kanya ng ibang tao. Mahalagang mabanggit na ang isang taong may hiya ay hindi kinakailangang mahiyain din o mabilis makaramdam ng hiya dahil nga sa magkakaiiba ang pagpapahalaga sa ugali at sa damdamin.

Kaugnay nito, kakikitaan sa karakter ng kuwentong “The Pretend Game” ang kanyang nararamdamang hiya. Mula sa linya 3 pahina 114:

Lirene: di ako papasok sa condo mo! Dalawang Pilipina pa rin ako

Ipinakita sa linyang sinabi ni Lirene kay Trent ang kanyang pinapanindigan na hindi siya papasok sa bahay ng lalaki. Naipagmamalaki sa linyang ito ang kanyang pagiging dalagang Pilipina na mahinhin at konserbatibo. Mararamdaman sa pagkatao ni Lirene ang kanyang pagkahiya na pumasok sa bahay ng lalaki. Patunay lamang na pinapahalagahan ni Lirene ang ebalwasyon o maaaring tingin sa lipunan sa kanya. Binigyang pansin ng karakter ang nararapat na gawin upang maiwasan ang maling interpretasyon o pagbibigay ng kahulugan sa kapwa.

Dagdag pa nito makikita sa sumusunod na linya ang paninindigan ng isang ina na siya lamang ang magpapaaral at magtutustus ng pangangailangan sa pamilya. Ang matibay na paninindigan nito ng isang ina ay nagpapatunay rin sa ugaling hiya. Mababasa sa pahina 171 linya 1:

Lirene: hi Trent. I’m sorry kung inunfriend kita... I know it’s unfair pero hindi ko kasi alam kung ano ang dapat gawin at kung paano ka kausapin. You’ve been so nice to me... too nice pa nga.. Pero kasi hindi lang naman ako yong affected. Kasi... may nagmessage kay Mama na ikaw daw ang nagtutustus ng para sa school ko alam nating dalawa na hindi yan totoo... Alam ko mababaw pero nasaktan kasi si Mama.. Siya yong nagpapakahirap na magtrabaho para sa ‘kin tapos ganoon. Muntik na nga siyang atakihin sa puso dahil doon e.

Mababakas sa nabasang linya ang pagmamalaki ng isang ina na kaya niyang itaguyod ang kanyang pamilya. Masakit na pakinggan na aangkinin sa ibang tao ang kanilang tungkulin mismo lalong-lalo na sa pagpapalaki ng isang anak. Patunay lamang sa linyang ito ang hiya bilang isang damdamin. Isinasalang-alang sa sitwasyon nito ang maaaring reaksiyon ng kapwa kapag makikita o malalaman ng lipunan na ibang tao ang umaangkin sa responsabilidad ng isang ina.

Masasabing sa Teorya ng Kapwa mula sa Sikolohiyang Pilipino ni Enriquez, isang *accommodative value* o paayong pagpapahalaga ang hiya dahil kinakatawan nito ang mithiin ng mga taong panatilihin ang kaayusan ng mga samahan at ng lipunan sa pangkalahatan. Pinagsisikapang ng isang taong may hiya ang kumilos ng

naaayon sa inaasahan sa kanya ng ibang tao at ng lipunan, mula sa mga kapamilya at kaibigan hanggang sa mga awtoridad at taong makapangyarihan, dahil ito ang tamang gawin.

Utang na Loob (Gratitude/Solidarity)

Ang ikalawang saklaw na pag-uugali ng Pilipino sa Paayong Pagpapahalaga ay pagtanaw ng utang na loob. Ayon kay Charles Kaut banggit sa pag-aaral ni Yacat (15) ang utang na loob bilang palitan ng kalakal at pabor ang naging tanyag na interpretasyon nito. Magkaiba at mas pinalaganap pa ng isang dalub-agham na si Holleinstein ang interpretasyon ng "utang na loob" bilang isang "kontraktwal". Habang kinikilala naman niya ang importansya ng emosyon bilang pinakamalapit niyang konsepto sa loob sinasabi niya na ang taong nakatanggap ay naitutulak na ipakita ang kanyang pasasalamat sa paraan ng pagbabalik ng pabor na may interes.

Ang pagsusuri naman ni De Mesa sinipi sa pag-aaral nina Navarro et. al (11) ang utang na loob bilang pangako sa pagkakaisa ng tao ay mas malapit sa lohika ng ugaling Pilipino at ang gamit nito sa wika. Gumagana ito bago pa ang pagtanggap ng isang pabor.

Sa Sikolohiyang Pilipino, ang utang na loob ay isang importanteng paayong pagpapahalaga o *accommodative surface value* kasama ng hiya at pakikisama. Ang utang na loob ay ang obligasyon na nararamdaman ng isang tao na muling bayaran ang isang taong gumawa ng kabutihan sa kanya (Yacat, 22).

Bilang patunay sa utang na loob na ipinahiwatig sa kuwento, mababakas sa linyang nasa ibaba ang pagpapahalaga sa sakripisyo ng isang ina. Mula sa pahina 155 linya 1:

Lirene: gusto ko kasi like a boss na lang si Mama. Dami niya na na-sacrifice para sa 'kin simula nang mawala si Papa e

Mapapatunayan sa kanyang prinsipyo ang kanyang pagiging determinado na tumulong at suklian ang nagawang sakripisyo ng kanyang ina sapagkat siya na lamang ang nagtaguyod upang matustusan ang pangangailangan ng pamilya. Lantad sa linyang ito ang katangian ni Lirene bilang isang anak na tumatanaw ng utang na loob at pagpapahalaga sa lahat ng nagawa ng kanyang ina para sa kanila.

Dagdag pa nito kakikitaan sa kuwentong "The Pretend Game" mula sa linya 3 pahina 173 ang pagtanaw ng utang na loob ni Lirene kay Trent:

Lirene: babayaran din kita as soon as makakita ako ng maayos na part-time job

Ang mga pabor na nakakalabas ng utang na loob sa isang tao ay yung mga pabor na hindi matutumbas ang halaga o kung may halagang nakasangkot, may kasamang malalim na dimensyong personal na panloob. Ang panloob na dimensyong ito (loob) ay ang nag-iiba sa utang na loob sa ordinaryong utang. Dahil sa internal na kababalaghan na ito, mas malalim ito kaysa sa normal na utang o kahit ang kanluraning konsepto ng pag-utang sa isang pabor.

Ipinapaliwanag ng Sikolohiyang Pilipino na ito ay isang repleksyon ng kapwa. Ang utang na loob ay isang kahalagahan na gumagalaw para makilala, ma-igalang, maitaguyod, at minsan ma-ipatanggol ang pangunahing karangalan ng bawat tao. Kaya sa ipinakita ni Lirene taglay niya ang ugaling may pagtanaw sa nagawang kabutihan ng tao.

Pakikisama (Companionship/Esteem)

Ang ikatlong saklaw na pag-uugali ng Pilipino sa Paayong Pagpapahalaga ay pakikisama. Mula sa pag-aaral nina Navarro (8), sa dalawang naunang tinalakay na mga *surface values*, ang konsepto ng pakikisama (*companionship/esteem*) ang pinakabinigyan ng pansin sa lente ng makabanyagang oryentasyon at pananaw ng social-science sa Pilipinas. Ito ang ginamit ni Lynch, isang manunulat bilang pangunahing pangsuporta sa kanyang teorya ng *Smooth Interpersonal Relations* o SIR. Ang analisis na ito ay maraming kakulangan, ang pakikisama isa lamang sa maraming lebel ng interpersonal na relasyon ng mga Pilipino.

Isa sa katangian ng isang Pilipino ay marunong makisama, madalas na tinatawag ay pakikisama. Ugali na ng isang Pilipino kadalasan ang pagsang-ayon sa kapwa kahit hindi nila gusto. Ayaw man o gusto ng isang Pilipino gagawin pa rin nila ito dahil nakaugalian ng nila ang pakikisama. Masasabing ang pakikisama ay isang paraan ng pakikipagpalagayang loob dahil ang magaling makisama makukuha agad ang loob ng tao ngunit hindi sa lahat ng pagkakataon.

Kaugnay nito, ang pakikisama ay isa sa mga pangunahing kaugalian ng mga Pilipino. Sa pang araw-araw, ito ay nagagamit para makakilala at makipagkaibigan sa ibang tao. Dito nagsisimula ang pundasyon upang makapagsimula ng magandang relasyon sa kapwa.

Mababasa sa ibaba ang linya na nagpapatunay sa pakikisama mula sa kuwentong "Almost Like a Fairy Tale".

Leif: Karina, everyone's a stranger until you give them a chance to be more than that.

Ang paniniwala ni Leif na isinilang ang tao na hindi magkakilala hanggang bibigyan ng pagkakataon na makilala ang bawat isa. Hindi maipagkaila na bawat indibidwal ay nangangailangan ng makakasama sa buhay. Hindi mabubuhay ang tao nang mag-isa lamang dahil sa likas sa tao ang makisalamuha sa kapwa.

Bukod pa sa nabanggit na linya mababasa mula sa pahina 214 linya 7 ang patunay ng pakikisama:

Karina: I don't know. Kasi rich kid ka? Malay ko ba na kumakain ka sa food park.

Ang paniniwala ni Karina ay ang mahihirap lamang ang kumakain sa mumurahing kainan. Hindi kumakain sa mumurahing kainan ang mayaman tulad ni Leif. Kaya laking gulat niya nang kumain si Leif sa food park hindi sa mamahaling restaurant. Ang pakikisama ni Leif kay Karina na maging simple lamang kahit mayaman siya. Marunong makibagay sa kinatatayuan ng kasama.

Patunay lamang na ang pakikisama ay isang interpersonal na relasyon. Ito ay isang ideya ng ‘*shared self*’ na nangangahulugang pagbubukas ng pinto para sa “ako” at sa “ibang tao”. Ito ang nagtutulay sa pinakamalalim na katauhan ng bisang tao tungo sa ibang tao (Navarro et al., 8).

4.2. Mga Kaugnay na Kilos o Associated Behavioral Pattern

Ang ikalawang pinagtuunan ng pansin sa estruktura ng Pagpapahalagang Pilipino ay ang mga Kaugnay na Kilos o Associated Behavioral Pattern. Saklaw nito ang mga ugaling Pilipino tulad ng biro, lambing at tampo.

Biro o Joke

Ang unang saklaw sa mga kaugnay na kilos sa Pagpapahalagang Pilipino ay ang ugaling pagbibiro. Ang biro ay ang pagpakita ng katatawanan kung saan ang mga salita ay ginagamit sa loob ng isang partikular at maliwanag na may kayariang salaysay upang patawanin ang mga tao. Nasa anyong kuwento ito na kadalasang may salitaan at nagtatapos sa isang punch line o ang dulo ng isang biro.

Mula sa pag-aaral nina Navarro et al. (7) sa pagbibiro, bagamat meron din namang nagaganap na pagbibiruan sa ibang mga bansa, naiiba naman ang layon ng pagbibiro dito sa Pilipinas. Bukod sa ang paksa naman talaga ng mga biro dito sa Pilipinas ay karaniwang nagpapakita ng kultura mayroon ang Pilipinas, isang mahalagang dahilan ng pagbibiro sa Pilipinas ay upang magsilbi itong *coping mechanism* ng mga Pilipino sa oras na mahirap ang kanyang sitwasyon o may problema. Dito makikita na ginagamit ang pagbibiro upang magdamayan ang mga Pilipino sa oras na kailangan upang hindi gaanong maging mabigat ang impak ng mga problema sa kanilang buhay. Sa pagmumura naman, isa itong pagsasabi ng masasakit na salita upang ibaba ang halaga ng isang tao. Kung mapapansin ang mga salitang mura sa wikang Filipino ay may kaugnayan sa seks at pagkawalang-gaalang sa ina (tulad ng putangina). Sa lipunan kasi na sobra ang pagpapahalaga sa pamilya lalo na sa ina, ang paggamit nito sa mura ay lubhang makapagpapasakit sa damdamin kung sino man ang pinatutungkulan nito.

Bilang patunay sa mga biro na inilahad sa kuwento. Mababasa sa “Almost Like a Fairy Tale” ang biro na inilahad ni Angie kay Karina, ang kanyang matalik na kaibigan mula sa pahina 180 linya 8:

Angie: Ayyy hahaha nagagwapuhan lang naman ako! Wala naman akong sinabing date!
Loyal pa rin ako kay bf ano!

Mapapatunayan ang pagbibiro ni Angie kay Karina bilang kanyang kaibigan. Magkaiba ang paraan ng biro na ipinahiwatig nito kay Angie sapagkat ito ay sa paraan ng panunukso. Mababakas sa linyang ito ang pagiging komportable nina Angie at Karina sa isa’t isa na nagbibiruan at nanunukso. Nakita ni Angie ang larawan ng isang gwapong lalaki at bigla namang tinutulak niya si Karina na gumawa na ng hakbang upang magkalovelife na agad. Ang pagbibiruan ng magkaibigan ay nakasanayan na nilang gawin bilang malapit sa isa’t isa. Sa ganitong paraan, lantad na ang biro ay hindi lahat katumbas nito ay katatawanan ngunit maaari rin itong lambing o panunukso ng tao na walang intensyon o walang bahid na katotohanan.

Lambing o Sweetness

Ang ikalawang saklaw sa mga kaugnay na kilos sa Pagpapahalagang Pilipino ay ang ugaling paglalambing. Ang lambing, maglambing, o paglalambing ay maaaring tumukoy sa pagpapakita ng pagkawili, pagmamahal, pagkagusto, pagkakakursunada, o pagkahilig, pagsasaalang-alang, sa tao, hayop, at iba pang katulad na mga bagay. Katumbas ang lambing ng mga salitang kalinga, kumalinga, alindog at umalindog, na may kaugnayan sa pagpapakita at pagpapadama ng pag-iingat sapagkat may malasakit ang taong naglalambing. May kaugnayan din ito sa iba pang mga salitang may kaugnayan sa pisikal (ginagamitan ng katawan o bahagi ng katawan) na paglalambing katulad ng haplos, hagod, himas, lamyos, halik, yakap, at yapos (Angeles et.al, 27).

Mababasa mula sa pahina 71, linya 8 ang paglalambing ni Janina kay Duke:

Janina: You know I’m immature ayoko nang may kahati

Ang paglalambing ni Janina kay Duke ay ipinahayag sa paraan ng kanyang pagiging sakim na ninanais ang buong oras at atensyon kay Duke. Marahil ito ang kadalasang mangyari kapag ang babae ay pinakitaan ng intensyon at pinaglalaanan ng oras sa lalaki. Masasanay ang babae sa mabubuting gawi ng lalaki kaya kung magbabago man ang pakikitungo ay magbabago rin ang pagtingin nito.

Ang kasunod na diyologo na nagpapatunay sa paglalambing ay mula sa pahina 67 linya 1-2:

Janina: I HATE YOU
Duke: I like you

Mula sa pahayag ni Janina mababakas ang kanyang ipinapahiwatig na pagtatampo kay Duke ngunit hindi maipagkaila na taliwas ang kanyang naging pahayag sa tunay niyang pagtingin kay Duke. Mapapansin sa realidad ang paligoy-ligoy o hindi direktang pag-amin sa tunay na nararamdaman ng babae kapag nagtatampo. Kadalasan ang dahilan ng pagtatampo ng babae ay para lambingin siya ng kanyang minamahal. Katulad ng naunang linya ay nangangailangan din ang babae ng atensyon. Kunwari ay hindi na niya gusto ang lalaki ngunit sa kaloob-looban naman ay nagnanais na mapansin man lamang siya. Ganito rin ang pagpapakahulugan ni Kundtz (26) sa ugali ng babae na hindi madaling maintindihan dulot na rin sa pabago-bago ang mood na naapektuhan din ang ugali at gawi.

Mapapansin din sa diyologo sa ibaba ang pagkakilig ni Janina kay Duke. Mula sa pahina 68 linya 7-11:

Janina: Feeler. Of course alam ko na tinitigan mo ako. You make the hairs on my nape stand on end
Duke: kilig tawag diyan
Janina: Haha

Mababakas ang halatang ekspresyon ni Janina nang tinutukso siya ni Duke. Ito ang nagpapatunay sa nararamdamang kilig ni Janina. Kadalasan makakaramdam ng pagkakilig ang babae sa lalaki lalong lalo na kung may gusto siya sa lalaki dulot na rin sa kanyang ginintuang kalooban hindi lang sa pisikal na kaanyuan. Maiugnay rin ang paglalambing nina Duke at Janina sa isa't isa. Ang kanilang paglalambing ay ipinadama sa paraan ng panunukso.

Dagdag pa nito, mababakas din sa pahina 174 linya 7 ang pagtatapat ni Trent sa tunay na nararamdaman kay Lirene:

Trent: That's exactly it. Lirene. Hindi na ito pagpapanggap para sa akin. I still don't know what happened. I just found myself constantly wanting to be with you. You're right; you are, and those are exactly the things I've come to love. I don't know when or how it happened... but it did. I like you

Binanggit ni Trent na hindi na niya kayang magpanggap dahil totoo na ang kanyang nararamdaman. Ninanais ni Trent na makasama at totohanin ang nabuong relasyon nina Lirene. Ito ang pakiusap at paglalambing ni Trent sa kanya. Mararamdaman din ang paglalambing mula sa matatamis na mga salita sa minamahal. Mas nabigyang buhay ang pagpapahayag ng tunay na damdamin sa paraan ng paglalambing.

Bukod pa sa mga nabanggit na diyologo bilang patunay sa paglalambing, kakikitaan din sa ibaba ang pananabik ng babae na mapakinggan ang boses ng kanyang napupusuan:

Trent: Do you want me to call?
Lirene: basta ba kantahan mo ko?

Ang panunuyo ni Lirene kay Trent na umawit ay isa rin sa paraan ng paglalambing. Ang boses ni Trent ay isa sa mga nagpapakilig ni Lirene kaya kinahihiligan niya itong pinapakinggan. Kaugnay pa sa binanggit ni Angeles (28) ang paglalambing ay pagpapakita rin ng pagkawili ng tao na gawin kung maaari upang mapansin.

Katulad din sa ibang kuwento kakikitaan din sa pahina 233 linya 7-8 ang pagtatapat ng lalaki sa tunay na nararamdaman niya sa babae na isa rin sa tanda ng paglalambing:

Karina: na ano?
Leif: That it's been you all this time.

Mababakas sa ipinagtapat ni Leif ang kanyang pagiging seryoso at pagbibigay linaw sa kanyang tunay na nararamdaman para kay Karina. Ang pahayag ni Leif ang nagbibigay buhay sa namuong pagkakaunawaan nina Karina.

Dagdag pa nito, mababasa sa pahina 236 linya 1 ang tanda ng pagpapahalaga sa taong mahal.

Leif: I wouldn't fly all the way here if you meant nothing to me.

Mapapatunayan sa linyang ito ang pahayag nina Angeles et al (28) na ang paglalambing ay tumutukoy sa anyo ng pagmamahal. Ang paglalaan ng oras at sikap na makasama ang taong mahal ang ipinangingibabaw sa diyalogong ito. Pinatunayan ni Leif na kahit malayo man siya sa Pilipinas hindi hadlang ito upang makasama at makita niya si Karina

Tampo (*Affective Disappointment*)

Ang ikatlong saklaw sa mga kaugnay na kilos sa Pagpapahalagang Pilipino ay ang ugaling pagtatampo. Binigyang kahulugan ang tampo ni Mataragnon (319):

"Tampo- Shares some of the behavioral manifestations of sumpong, e.g., sulking, keeping to oneself and refusing to cooperate or even to accept favors. However, tampo is different in that it has a readily identifiable origin, usually an external and interpersonal event".

Mapapatunayan sa nabanggit na kahulugan ng tampo na ito ay may kaugnayan sa sumpong o panandaliang pagkainis na kadalasan tinatago lamang sa sarili at may ugaling pagtanggap. Kung ipagtatapat ang mga salitang may kaugnayan sa tampo, maipag-iba-iba ito ayon sa lebel ng galit. Ang unang lebel ng galit ay pikon. Ang pikon ay tumutukoy sa pagkagalit bunga ng maliit na bagay lamang. Ito ang itinuturing pinakamababang lebel. Ang ikalawang lebel ng galit ay tampo. Ang tampo ay inilalarawang munting galit na

madaling mawala. Kapag ang tampo ay tumagal ay nagdudulot ng pagkainis. Ang kasunod lebel naman ng inis ay galit. Ito ay nangyayari kapag pinapahaba o pinapatagal pa ang pagkainis. Kinakailangang bigyang pansin din ng indibidwal ang pagkagalit sa kapwa sapagkat ito ay maaaring humantong sa suklam. Ang suklam ay matinding galit sa dibdib na matagal bago mawala. Kaugnay nito, kapag ito ay pinabayaang o hinayaan na magtanim ng galit sa puso, maaaring humantong sa pinakamatinding lebel ng galit. Ito ay poot na kadalasan ay may pananakit na, hindi madaling makalimutan at hirap nang magpatawad.

Sa bahaging ito, susuriin ang pagtatampo ng karakter sa kuwento. Ibubunyag ang mga patunay sa diyologo at ang dahilan ng pagtatampo bilang isa sa mga ugaling Pilipino. Ang unang diyologo na nagpapatunay sa pagtatampo dulot ng pagseselos ay mula sa pahina 51 linya 5-8:

Duke: Janina

Janina: Duke

Duke: Sorry my friend needed me to do something for her

Janina: Oh

Mababakas sa diyalogong ito ang tanda ng pagseselos at pagtatampo sa hindi pagtugon sa atensyon o pag-reply sa mga text. Ayon kay De Vera (78), hindi lingid sa kaalaman ng nakakarami na pagseselos ang kadalasang nagdudulot ng away sa isang relasyon mapa-kaibigan man o pamilya. Tila nakadikit na nga ang katagang selos sa salitang mahal. Walang makakapagbigay ng tamang depinasyon ng salitang selos dahil ito'y mararamdaman lamang kung may pagmamahal. May dalawang hatid ang selos- ang positibo at negatibo. Positibo dahil malalaman ng tao na mahal siya at may pake sa kanya. Nababahala sila sa kanilang pares baka maagaw sa kanila. Datapat hindi lahat diyan nauuwi dahil ang negatibo- nagpapainis, galit at pagiging tamang hinala ng isang tao na minsan napupunta sa pagkapraning. Dito nag-uumpisa ang pagkalamat ng isang samahan. Wari humantong ito sa katagang nagmahal-nagselos-naghiwalay. Ang kawalan ng tiwala rin ang dahilan ng paghiwalay.

Sa parte nina Duke at Janina, may pagtampo si Janina kay Duke dahil sa pag-agaw ng atensyon nito sa iba. Masasabing mababaw lamang ang dahilan ng pagtampo nito ngunit ang tampo o pagselos ni Janina kay Duke ay tanda ng lihim na pagtingin ni Janina kay Duke.

Dagdag pa nito mababasa mula sa pahina 62 linya 1 ang patunay sa resulta ng pagtatampo dulot ng pagbalewala sa mga text ng kausap:

Duke: Was running away from me necessary? And now you're going to ignore me after making me look like an idiot earlier?

Ang pakiramdam na binalewala lamang ang pagpapansin ni Duke kay Janina ay maaaring tanda ng pagsawalang bahala o pagdistansya ni Janina kay Duke upang hindi tuluyang masaktan o mapasakit ang tao.

Kaugnay nito, mababasa mula sa pahina 168 linya 1 ang pagbalewala o pag *seen* sa mga mensahe ng *chat* o *text*:

Trent: Are you ignoring me? I went to your store and you weren't there. Where are you?

Mapapatunayan sa linya ni Trent ang hindi pagreply ni Lirene sa kanya. Ang pakiramdam na binalewala lamang ang kanyang pagpapansin sa text ni Trent ang ipinangingibabaw na damdamin sa linyang ito. Ang hindi pagreply ni Lirene ay ang patunay sa pagdidistansya niya kay Trent upang hindi tuluyang masaktan o mapasakit ang tao. Katulad din ng pangyayari nina Duke at Janina sa *Missent*.

Lantad din sa diyologo sa ibaba ang hindi pagkakaunawaan ng dalawang karakter:

Leif: That's the problem! You got out of the way! You assumed again!

Karina: Bakit ba galit ka na naman sa akin?

Leif: Because you're always assuming!

Karina: E bakit??? Di ba yon naman gusto mo?? Magkabalikan kayo?? Di ba yon naman dahilan bakit kinausap mo ako in the first place??

Mula sa pahina 231 linya 1-4 mararamdaman ang tono ng pagtatalo nina Leif at Karina. Nagsimula ang konbersasyon nina Karina at Trent sa isang komento ng kaibigan ni Karina na pinag-akala ng girlfriend ni Trent na pinagtaksilan siya nito kaya kinausap ni Trent si Karina na pakausapin ang kanyang girlfriend sa totoong kuwento nito. Ito ang pilit na iginigiit ni Karina ang tunay na dahilan ni Trent sa pagtext niya nito at wala ng ibang dahilan pa. Ang patuloy na pagiit ni Karina nito ang siyang ikanagagalit din ni Trent sapagkat pilit pa niyang ibinabalik ang nakaraan kahit nakalipas at nagbago na ang ipinopokus ni Trent sa kasalukuyan, iyon ang namumuong relasyon nina Karina.

Mababakas din sa pahina 232 linya 6-7 ang patunay sa damdaming pagkainggit o insecurities na may halo rin pagtatampo sa kausap kaya mababasa sa diyologo ang pagtatalo ng karakter sa kuwento:

Karina: Because you guys make a better match. I'm just the lowly commenter on social media who only dreams of the life you both have.

Leif: For the love of God, Karina! Get over your insecurities! You're the only one who cares!

Kakikitaan sa diyalogong ito ang pagkokompara ni Karina sa kanyang sarili at kay Leif na nabibilang sa mataas na antas sa lipunan. Ang mababaw na pagtingin ni Karina sa kanyang sarili at ang kanyang kakulangan

na mayroon sa iba ay ang tanda ng pagkainggit sa buhay ni Leif. Ang pananaw ni Karina na ang mga nasa itaas sa lipunan ay perpekto at maayos ang kanilang buhay na kailanman ay hindi niya maabot ang buhay na mayroon sa kanila.

4.3 Pagpapahalagang Tulay ng Sarili at Iba (Pivotal Interpersonal Value)

Ang ikatlong nagawang pagsusuri ay ang intertekstuwalisasyon sa Pagpapahalagang Tulay ng Sarili at Iba o *Pivotal Interpersonal Value* mula sa Sikolohiyang Pilipino. Binigyang diin sa bahaging ito ang pagsasanib ng “ako” at “iba”. Ang mga Pilipino ay gumagamit ng damdam, o ang sariling kaisipan sa damdamin ng iba bilang pangunahing kasangkapan sa kanyang pakikitungo sa kapwa tao.

Pakikiramdam

Mula sa pag-aaral nina Yabut at Resurreccion (23), *Pagpapakahulugan at Manipastasyon ng Pakikiramdam sa Konteksto ng Paggabay-Pagpapayo at Sikoterapiya*, itinuturing ni Virgilio Enriquez bilang isang pagpapahalagang tulay ng sarili at iba (*pivotal interpersonal value*) ang pakikiramdam (*shared inner perception*). Sa kontekstong Pilipino, nauna nang sinabi ni Rita Mataragnon na mahalaga ang pakikiramdam sa konteksto ng paggabay-pagpapayo at sikoterapiya. Nabanggit niyang hindi posibleng magkaroon ng *empathy* kung walang pakikiramdam. Sa pakikiramdam, nagkaroon ng pinatinding kamulatan (*heightened awareness*) ang isang tao. Ayon kay Enriquez banggit sa pag-aaral nina Yabut at Resurreccion (25) ang pakikiramdam ay galing sa dalawang salita: paki at ramdam. Pangkaraniwang ginagamit ang “paki” ng mga tao kapag nakikiusap sila para gawan ng isang pabor. Samantalang ang “ramdam” ay tumutukoy sa damdamin or nadarama ng isang tao. Samakatwid, ang pakikiramdam ay tumutukoy sa pagkilala sa “loob” ng isang tao. Mahalaga ito lalo na sa mga sitwasyong hindi sigurado ang tao sa tamang pagkilos o pag-aasal na gagawin.

Itinuturing ang pakikiramdam bilang *pivot* na pagpapahalaga dahil ito ay nangyayari na sa tao bago pa man siya makipag-ugnayan sa iba. Napakahalaga nito sa pakikipagkapwa sapagkat ito ang nagiging tulay upang mas lalong mapalalim ang pakikipagkapwa ng isang tao na itinuturing na pinakamalalim na pagpapahalaga (*core value*). Nagbanggit si Mataragnon ng anim na mahahalagang sangkap ng pakikiramdam. Una, ang pakikiramdam ay isang kontrak na nangyayari sa ating pakikipag-ugnayan. Pangalawa, ang pakikiramdam ay nagtatakda nang hindi impulsibong gawain. Ito ay pinag-iisipan. Pangatlo, bagama’t mayroong pag-iingat at deliberasyon sa pakikiramdam, hindi naman kailangan ng pagpapalano ukol dito. Pang-apat, lagi itong tentatibo, exploratoryo, at improbableong pagkilos. Panglima, mahalaga ang intuwisyon (*intuition*) sa pakikiramdam kumpara sa lohika. At pang-anim, ang pakikiramdam ay ginagamit sa mga ugnayang panlipunang may pagka-ambiguous at mahirap hulaan ang kahihinatnan (Yabut at Resurreccion, 26).

Ayon naman kay Raj Mansukhani sinipi sa pag-aaral nina Yabut at Resurreccion (30) ang pakikiramdam ay karaniwanang nauugnay sa mga konseptong *emotional intelligence* at *empathy*. Sa kanyang artikulo, ipinaliwanag niyang ang pakikiramdam ay may iba’t ibang pakahulugan. Ang pakikiramdam ay isang kakayahang makapansin at makaunawa ng mga di-berbal na pahiwatig at galaw ng isang tao. Ito ay ang kakayahang initindihin ang nararamdaman ng isang tao kahit ito hindi sa pamamagitan ng intuwisyon.

Ang pakikiramdam din ay tentatibo, nagbabago ang napapakiramdaman habang siya ay patuloy na nakikiramdam. Paliwanag pa ni Mansukhani na ang pagiging tentatibo nito ang nagiging daan din upang mabago ang mga desisyon o galaw. Kasama sa pakikiramdam sa isang tao ang pagiging sensitibo rin sa konteksto kung saan at kailan nagaganap ang pakikiramdaman. May mga tugon o galaw na akma sa isang konteksto ngunit hindi sa isa pa (Yabut at Resurreccion, 31).

Samakatwid, sa pamamagitan ng pakikiramdam, nababatid kung ano ang nararapat gawin o sabihin, at kung kailan ito dapat gawin o sabihin. Dahil sa interaktibong proseso ng pakikiramdam, masasabing isa itong uri ng komunikasyon na nagbibigay-daan sa isang malalim na koneksyong interpersonal sa pagitan ng dalawang tao, at nagdudulot ng malalim at masaklaw na pag-unawa sa taong pinakikiramdaman. Karaniwan sa mga Pilipino, inaasahan din ng nakikiramdam na siya ay pakiramdaman din ng kanyang kausap. Dito mababatid na ang pakikiramdam ay isang aktibong prosesong ugnayan at hindi maaaring isang tao lamang. Pangkaraniwan na sa mga Pilipino ang paggamit ng mga di-berbal na pahayag para maipabatid ang mensahe at mahirap maunawaan sa kultura.

Ayon kay Melba Maggay sa pag-aaral nina Yabut at Resurreccion (32) mahalaga sa kulturang Pilipino ang konsepto ng pahiwatig para maintindihan ang mga berbal at di-berbal na pakikipag-usap natin sa isa’t-isa. Mahalaga ito dahil sa kadalasan, ang nakikita natin ay iba sa layong ipabatid ng ating kausap. Para mas maunawaan ang mga pahiwatig, nabanggit ni Maggay na kailangan ang pakikiramdam upang malaman ang mga pahiwatig ng iyong kausap dahil kinakailangang mas maging sensitibo ang tao sa kanyang kausap. Dagdag pa niya, dahil sa pakikiramdam, mas mauunawaan ang mga hindi litaw o hindi malinaw na kahulugan ng mensahe na ipinararating ng kausap. Mas nakikilatis din ng tao kung anong uri ang kanyang kausap na makakatulong gumabay sa kanya kung ang ugnayang ito ay tutungo sa mas malalim na ugnayan. Hindi umuubra ang

pahiwatig kung ang kabilang panig ay walang pakikiramdam o manhid, walang pandama sa ipinapaabot na mga paramdam.

Lumilitaw na napakahalagang salik nito sa ugnayan ng mga tao lalong-lalo na bilang pagpapahalagang tulay ng sarili at iba at pagkilala sa loob ng isang tao na maaaring lumalim tungo sa pakikipagpalagayang-loob at sa mas malalim pang lebel ng ugnayan. Mahalaga ito upang mapalalim ang ugnayan sa mga tao dahil kadalasan sa kontekstong Pilipino ay nakagawian ang magpahiwatig. Mahalaga ang pakikiramdam para mas malaman ng isang tao ang pahiwatig ng iba.

Ang pakikiramdam ay naayon sa dalawang pagpapakahulugan nito: pakikiramdam bilang isang importanteng pagpapahalagang Pilipino at pakikiramdam bilang isang proseso.

Ang unang pagpapakahulugan ng pakikiramdam ay bilang isang importanteng pagpapahalagang Pilipino. Ang pakikiramdam bilang isa sa mga importanteng pagpapahalaga na katangian ng mga Pilipino lalong-lalo na sa konteksto ng paggabay-pagpapayo. Sinasabi lagi ng mga karaniwang tao na ang mga Pilipino ay may kakayahang makiramdam o maging sensitibo sa galaw, intensyon, at damdamin ng iba. Napagtibay ito ng kasalukuyang pag-aaral kung sinasabi ng mga kalahok na isang pagpapahalaga ang pakikiramdam na ating madalas na ginagamit ngunit hindi natin namamalayan. Sa konteksto ng paggabay-pagpapayo, may mas mahalagang gamit ito dahil mas mauunawaan at maiintindihan lang ang tao kung ikaw ay gumamit ng pakikiramdam.

Ang ikalawang pagpapakahulugan sa pakikiramdam ay pakikiramdam bilang isang proseso. May dalawang proseso nito: pagbubukas-loob tungo sa pakikiramdam at pagbubukas sarili ng nararamdaman. Ang pakikiramdam ay isang malalim ngunit hindi paimbabaw na proseso na nagaganap sa pagitan ng dalawa o higit pang tao. Nagsisimula ito sa kagustuhan ng isang tao na maramdaman at maunawaan ang kanyang kausap o kasama. Masasabi nating ang pakikiramdam ay likas na ipinapakita hindi lamang sa pormal bagkus kahit sa hindi pormal na konteksto at nagsisimula ito sa isang kutob o pagtatantya na susuriin ng tao kung tama ito. Importante rito ang pagiging bukas ng loob ng tagagabay-tagapayo o sikolohista para magawa ang pakikiramdam. Ang pagpapakita ng mga pagkilos na maramdaman ng mga kliyente, ang presensya at malasakit ng isang tagagabay-tagapayo o sikolohista kahit sa labas ng paggabay-pagpapayo o sikoterapiya ay mahalaga.

Sa kabilang banda hindi sapat na ang nakikiramdam lamang ang nagbubukas ng kanyang loob. Nagagawang makiramdam ng isa kung ang pinakikiramdam ay nagbubukas din ng kanyang sarili. Masasabing ang pakikiramdam ay isang prosesong relasyonal na ang kinalalabasan ay isang “*shared experience*” na mayroong pagkakaintindihan ng hindi lamang ng nararamdaman kundi pati na rin ng mga iniisip at saloobin. Ito ay isang talaban ng loob, isip, at damdamin. Sa konteksto ng paggabay-pagpapayo ang kakayahang makiramdam ay isang napakahalagang instrumento upang maging matagumpay ang isang sesyon ng paggabay-pagpapayo o sikoterapiya.

Bilang patunay, kakikitaan mula sa kuwentong “Almost Like a Fairy Tale ang pakikiramdam ng karakter:

Karina: Ano kasi... parang you've been together for 3 years tapos nag-break lang kayo dahil sa comment ng kaibigan ko? Didn't that make you second-guess your entire relationship? I mean wala pa akong nagiging bf pero I imagine hindi ako magiging ganyan kababaw.

Mapapatunayan sa linya ni Karina ang pakikiramdam at pagiging sensitibo niya sa mga pangyayari sa buhay ng tao. Naiugnay ng karakter ang kanyang sarili sa lipunang ginagalawan. Nararamdaman at ibinabatid niya sa kapwa ang kanyang obserbasyon sa kanyang paligid. Ang kanyang pagiging sensitibo, maalam, bukas ang isip at paggamit sa kanyang mga pandama ang nagpapamulat niya sa katotohanan.

Kaugnay sa diwa ng binanggit ni Karina patungkol sa kanyang pakikiramdam sa pakikipagrelasyon, ipinahayag ni Reyner (81), ang kanyang tips kung paano magtatagal ang relasyon; dapat may sapat na oras para sa isa't isa, may basbas at suporta sa kaibigan at pamilya, mabuting kaibigan, may pangarap, pareha ng gusto at may pag-uunawa. Kaugnay nito, mula sa linya ni Karina mapapatunayan na ang kasintahan ni Leif ay hindi marunong makinig sa dalawang anggulo. Hindi pinakinggan muna ang paliwanag ni Leif. Agad niya tinuldukan ang kanilang relasyon na walang pag-aalinlangan. Ang ipinakitang prinsipyo ni Karina ay ang pagpapahalaga at pakikiramdam sa paliwanag ng kasintahan upang tumagal pa at hindi masayang ang pinagsamahan.

Sa kuwentong “Missent” sa social seryeng “Better than Fiction” mapapatunayan ang pakikiramdam ni Janina sa kanyang kasapi sa paraang pagtanggap pa rin sa pangkat kahit wala naman itong naibigay na ambag.

Janina: Hi, FYI, I already did your part. Next time please have the decency to atleast tell your group mates that you can't deliver your end of the bargain. If you don't care about your grades, then please don't drag us down with you. If you had better things to do, then you could have atleast given us notice. We deserve that. And P.S., I still included your name in the group submission. But if you ever do this again, I swear I won't be as nice.

Mababakas sa linya ni Janina ang kanyang pinapanindigang prinsipyo, ang pagpapahalaga sa marka o grado na makukuha. Maaaring bilang isang estudyante, si Janina ay takot bumaba ang marka o bumagsak sa

klase kaya kahit hindi nag-ambag si Justin sa pangkat ay siya na lamang ang gumagana sa tungkulin o parte ni Justin sa pangkatang pag-uulat. Ang katangian ni Janina na ay sumasalamin sa mga ningas kugon na estudyante. Maaaring nagsisikap na makakuha ng mataas na marka o mapapabilang sa top sa klase.

Bukod pa sa pagpapahalaga ni Janina sa kanyang grado na makukuha, pinapahalagahan rin niya ang pakikiramdam sa posibleng dahilan ng kanyang miyembrong si Justin kung bakit hindi naisagawa ang kanyang tungkulin bilang miyembro sa pangkat at ang pakikiramdam sa maaaring kahihinatnan sa markang makukuha ni Justin.

Ayon kina Yabut at Resurreccion (34), mayroong iba't ibang katangian ang taong nakikiramdam. Ang pakikiramdam ay kombinasyon ng iba't ibang kakayahan at karakteristikong gaya ng kakayahang makinig, pagtuon sa kapwa pero may pagkamalay sa sarili, pagiging empatik, pagkakaroon ng sinseridad, at pagkakaroon ng pananagutan o komitment sa proseso. Mapapatunayan si ginawa ni Janina ang pagkakaroon ng sinseridad at pagtuon sa kanyang kapwa.

Dagdag pa nito mababasa sa linya ni Janina mula sa *Missent* ang patunay ng pakikiramdam sa karakter:

Janina: And most of the requirements are group work. Ako favorite nila piliin kasi alam nila na gagawin ko ang lahat in case they "forget" to do their part.

Lantad sa diyalogong ito ang prinsipyo ng pagpapahalaga sa pag-aaral. Pinapanindigan niya ang kanyang prinsipyo kahit mag-isa o kunti lamang ang nagsisikap makuha lamang ang inaasam na bunga. Kadalasan ganito ang senaryo sa klase, umaasa ang pangkat sa matatalino at masisipag na miyembro o lider sapagkat nakasalalay ang markang ibibigay sa kakayahan at performans ng bawat pangkat.

Ang prinsipyo ng pagpapahalaga sa pag-aaral ni Janina ay kakitaan ng pakikiramdam din sa kanyang kinabukasan. Ang pagiging bukas ang loob na tumulong sa kapwa kahit siya mismo ang nagsasakripisyo.

Bukod pa sa pagpapahalaga sa pag-aaral mababasa ang patunay na pagpapahalaga sa lahi ng pamilya mula sa linya 7 sa pahina 22:

Janina: Anyway Idk if it's just me and my family in general being Chinese and all but my parents don't accept anything less than perfect. I grew up aiming to be number one at everything. If I fail, there are consequences and I'd have to spend the whole day sitting because my legs would hurt.

Ipinapakita lamang na ang magulang o kultura ng pamilya ang isa sa mga naging instrumento sa pagbuo ng desisyon at pananaw sa buhay. Mula sa ganitong pananaw naging matibay ang kanyang prinsipyo na hindi magpapatinag at magpapahuli sa pakikibaka o pakikipagsapalaran sa buhay.

Dagdag pa nito, lantad sa "The Pretend Game" ang patunay sa pagsisikap upang makapag-aaral:

Lirene: Tinutulungan ko pa si Mama magbenta ng kung ano-ano para pandagdag tuition.

Lamo na, di pwede huminto kung kalian patapos na

Ipinakita sa linyang ito ang pakikiramdam ni Lirene sa pagsisikap ng kanyang ina upang mabigyan lamang siya ng magandang kinabukasan. Kaya higit na pinapahalagahan ni Janina ang edukasyon bilang susi sa tagumpay. Pinapatunayan ni Lirene na hindi hadlang ang kahirapan na makapagtapos sa pag-aaral kaya nagpupursige siyang mag-aral upang makamit niya ang kanyang pangarap at makatulong sa kanyang ina.

Ang kasunod na patunay sa pakikiramdam ay mula sa kuwentong "Almost Like a Fairy Tale". Mababasa sa ibaba ang linya ni Karina:

Karina: Ang ending? Unrealistic expectation. At kita mo naman lang sa 'tin. Di naman ako tanga. Alam kong may mga pinahihiwatig ka. Alam mong naga-gwapuhan ako sa'yo.

Pero magulo. At isa pa, yong ex mo. Ayokong maging rebound.

Likas sa mga tao ang umasa sa ninanais na makamtan ngunit hindi maipagkaila na may mga bagay na hindi nakalaan para sa isang tao kaya ang tanging susi lamang ay maghintay. Masasabing si Karina ay may pakikiramdam sa posibleng mangyari sa kinabukasan kaya hangga't maaari ay hindi na siya umaasa sa imposibleng mangyari kundi ay naghintay na lamang sa tamang panahon.

Magkaiba rin ang pakikiramdam ng karakter sa kuwentong "Missent" dahil mababasa sa kanyang linya ang paghuhusga batay sa kanyang obserbasyon:

Janina: I'm really busy with school. I only see my classmates (and most of them are jerks)

Ang pahayag ni Janina ay nagpapakita sa direktang impresyon sa kamaliang nagawa ng tao. Walang sinuman ang nagiging mas magaling sa pamamagitan ng paghatol sa kahinaan ng iba. Walang kahit na sino ang may karapatang humatol sa kapwa sa paraang nagkukulong sa kanila sa imahe ng masamang gawain. Sa madaling salita, hindi pwedeng markahan ang kapwa nang hindi ka magkakasala laban sa kanyang dignidad bilang tao, at laban sa Diyos na lumikha sa kanya.

Sa kabilang banda, dapat din maunawaan na ang paghuhusga ay hindi masama sa kanyang sarili. Ito ay pagdedetermina kung ang isang bagay ay mabuti o masama. Bawat isa ay kailangang matutong humatol ng tama. Ang mga hukom ay naghuhusga; ang mga magulang ay naghuhusga; ang mga guro ay naghuhusga. Lahat ng may kakayahang magkumpara at magsuri ay naghuhusga. Bahagi ito ng ating kalikasan bilang tao, at ito ay mabuti. Nagiging masama lang ang paghatol kung ang hinahatulan natin ay ang tao sa halip na ang kanyang

ginagawa. Maaaring sabihing ang ginagawa ng isang partikular na tao ay masama, pero dapat tayong mag-ingat na matatakan ang kapwa bilang masamang tao.

Mapapatunayan din sa binanggit ni Janina mula sa pahina 21 linya 7 ang paghuhusga ng mga tao sa kanya:

Janina: I'm kind of the class nerd. You know over-the-top, tooth-and-nail perfectionist.

The rumors are true; the stereotype is real.

Ipinapahiwatig sa pahayag ni Janina ang kanyang pagiging natatangi o kakaibang indibidwal kaya kadalasan ay ipinagtataboy siya at walang masyadong matalik na kaibigan. Pinipili ng karamihan ang mga taong halos magkatulad din sa kanilang ugali upang mas madaling pakisamahan.

Bukod pa sa nabanggit na panghuhusga ni Janina, ipinapakita rin sa pahina 31, linya 11 ang direktang konklusyon ni Janina mula sa nagawang kamalian ni Justin.

Janina: Well for one, he's really irresponsible

Mapapatunayan sa linyang ito ang paghuhusga ni Janina kay Justin. Nagawa niyang husgahan ang kanyang pagiging irresponsable dahil sa kanyang paniniwala na ang responsableng lalaki kahit sa maliit na paraan o pagsabi man lang agad sa totoong dahilan ng hindi niya pagtulong sa pangkatang gawain ay kanyang nagawa sana.

Ang mga nabanggit na diyalogo ay ang patunay sa pakikiramdam ng karakter sa paraan ng pagpapahayag ng kanilang saloobin, kaisipan at paniniwala. Naipahayag nila ito batay sa kanilang obserbasyon o naramdaman sa kanilang lipunang ginagalawan.

Dagdag pa nito, iba rin ang paniniwala ni Duke batay sa nakita ni Janina na hindi totoong nagbabasa sa library. Mula sa pahina 69 linya 3:

Duke: Sure because "normal" people do research by reading books upside down.

Mapapatunayan mula sa binanggit na dahilan ni Duke na palingon-lingon, pa sulyap-sulyap nasabi niyang nagpapanggap lamang si Janina na nagbabasa sapagkat ang kanyang paniniwala sa totoong nagsasaliksik at nagbabasa ay seryoso at binabasa nang maigi mula sa itaas hanggang sa ibaba.

Kaugnay sa pakikiramdam bilang pagpapahalagang tulay ng sarili sa iba, ang pag-iisip sa hinaharap din ay isa rin sa palatandaan nito. Katulad ng linya ng karakter na nasa ibaba:

Lirene: magbi-break din naman tayo, hassle lang kapag hinanap ka niya sa akin sa future

Makikita ang halaga ng kinabukasan. Higit na iniisip ang hinaharap kaysa sa kasalukuyang pangyayari ang ipinangingibabaw ni Lirene sa kanyang paniniwala dahil alam niya ang magiging bunga sa patuloy na pagpapanggap na magkasintahan sila ni Trent.

Dagdag pa nito ang pagpapahiwatig ng peer pressure at pagiging insecure sa mga kaibigan na may kanya-kanyang relasyon ay tanda rin ng pakikiramdam.

Lirene: anyway ewan ko rin, alam mo yon? Lahat ng classmates ko may mga manliligaw... Yong iba in a relationship na... hindi ko rin alam kung ano ang pumasok sa kukote ko para gawin yon. I guess.. dahil sa inggit?

Isa sa mga nakapag-impluwensya sa paniniwala at desisyon ng tao ay ang kaibigan. Kadalasan nangyayari ang insecurity dahil alam ng tao na may mga bagay na wala sa kanila na mayroon sa iba kaya hindi maiwasang mainggit sa kung anong lamang sa kanila.

Ipinapakita rin sa pakikiramdam ng karakter sa *Almost Like a Fairy Tale* ang isa sa mga palatandaan na magkasintahan ang babae at lalaki ay kung naghahawakan ng kamay. Kadalasan ginagawa ang paghawak ng kamay ng magkasintahan upang maipakita ang pagmamahalan ng isa't isa. Sa parte nina Lirene at Trent kaya hindi sila pinaniwalaang magkasintahan sapagkat hindi nagpapahawak ng kamay si Lirene kay Trent dahil sa katotohanang pagpapanggap lamang ang lahat. Mababasa ang diyalogo nina Lirene at Trent sa ibaba bilang patunay nito:

Lirene: yup. Pero.. hindi yata naniwala yong ex mo noong sinabi kong girlfriend mo ko...

Trent: Because you won't even let me touch you

Dagdag pa nito, mararamdaman sa linya na nasa ibaba ang ipinangingibabaw na direktang desisyon ng paghihiwalay na walang pag-alam o pag-intindi sa dahilan ng pangyayari:

Karina: Ano kasi... parang you've been together for 3 years tapos nag-break lang kayo dahil sa comment ng kaibigan ko? Didn't that make you second-guess your entire relationship?

Sa linyang ito ibinahagi ni Karina ang kanyang opinyon sa tahasang desisyon ng girlfriend ni Leif. Malinaw na ipinapakita ang direktang desisyon batay sa ipinalutang na damdamin. Ang paniniwala ni Karina na sadyang mababaw ang naging desisyon ng paghihiwalay ng girlfriend ni Leif sa kanya. Ipinangingibabaw ni Karina sa kanyang paniniwala na magtatagal ang relasyon kapag may pag-uunawa at marunong na making sa dalawang angulo. Ngunit naging taliwas ang naging desisyon ng girlfriend ni Leif sa kanyang paniniwala.

Ang emosyon o damdamin ay ang pakiramdam ng isang tao na hindi nagagawa ng pisikal kundi ng mental at sikolohikal na gawain na makikita sa kilos, gawa, o ang ugali ng isang indibidwal. Iba iba ang

emosyon na mararamdaman sa buhay tulad ng saya, lungkot, pagsisisi, pag-galit, tuwa at iba pa. Lahat ng tao ay may emosyon, maaring manhid ang isang tao na minsan makaramdam kung siya ay hindi mapagbigay at mapagpatawad. Maari ring ang emosyon ng isang tao ay dulot ng pag-ibig o pagmamahal. Mararamdaman sa unang kuwento “Missent” ang ipinangingibabaw na damdamin ng mga tauhan sa kuwento mula sa kanilang diyalogo.

Mapapatunayan sa pahina 5 linya 1 ang pag-aalala sa gagawing pangkatang pag-uulat:

Janina: Hi! This is Janina from Psych 101. I got your number from Cheska. When will you be able to send your part of the paper? It's 11pm. Is your write-up ready? I need your part so I can come up with the conclusion. Justin? Just tell me if you won't be able to do it.

Mula sa linya ni Janina, mababakas ang pangamba na bumagsak o bumaba ang grado kaya patuloy ang kanyang pagtatanong at paghingi ng naatasang gawain ni Justin sa ikatatagumpay ng kanilang pangkat.

Sa ikalawang kuwento “The Pretend Game” mapapatunayan ang ipinangingibabaw na damdamin ng mga tauhan sa kuwento mula sa kanilang diyalogo. Mula sa pahina 97 linya 1-5 mababasa ang sumusunod na diyalogo:

Trent: Hi

Lirene: Hello

Trent: Where did you meet Tristan? You're his girlfriend, right?

Lirene: yes and bakit ka po curious?

Trent: Because that's my face he's using

Malilirip sa diyalogong ito ang pagkagulat at pagkahinala ni Trent sa nakitang sariling mukha sa facebook post ng ibang account. Kaya nagtanong si Trent kay Lirene na siyang nagpost ng larawan niya na pinangalanan niyang si Tristan na kanyang boyfriend.

Mapapatunayan din sa pahina 175 linya 1-3 ang pighating mararamdaman kapag hihiwalay ang taong minamahal.

Trent: So please, let me come close. Don't run. Or else...

Lirene: Or else ano na naman...

Trent: Or else my heart is going to be broken. And I know you don't want that. Cos I know you feel the same way for me too.

Mababakas ang pag-amin sa sakit na maaaring maramdaman ni Trent kapag tuluyang iiwan siya ni Lirene. Mararamdaman sa linyang ito ang tono ng bugso ng damdamin nina Trent at Lirene. Ang patuloy na pagdistansya ni Lirene ang nagdudulot ng sakit sa kalooban ni Trent ngunit pilit niyang ipinaglaban ito.

Sa ikatlong kuwento “Almost Like a Fairy Tale” mapapatunayan ang ipinangingibabaw na damdamin ng mga tauhan sa kuwento mula sa kanilang diyalogo.

Mababakas sa pahina 228 linya 1 ang pagmamalasakit sa minamahal:

Leif: Where are you? I'm worried. I tried calling but can't reach you. I'm not mad. I'm just worried, Karina. At least tell me you're okay.

Kakikitaan sa linya ni Leif ang kanyang pag-aalala sa hindi pag-reply ni Karina sa kanyang mga text. Mararamdaman ang pagmamalasakit ni Leif nang hindi tinutugon ni Karina ang pagkomunikeyt sa kanya.

Sa pangkalahatan, nakatuon ang pag-aaral nito sa intertekstuwalisasyon sa tatlong pagpapahalagang Pilipino sa pakikipagrelasyon. Ito ay ang Paayong Pagpapahalaga, Mga Kaugnay na Kilos at Pagpapahalagang Tulay ng Sarili sa Iba. Nakapokus ang Paayong Pagpapahalaga sa hiya, utang na loob at pakikisama samantalang sa Mga Kaugnay na Kilos binigyang diin nito ang biro, lambing at tampo. Magkaiba rin sa Pagpapahalagang Tulay ng Sarili sa Iba na naayon sa pakikiramdam.

V. CONCLUSION

Batay sa mga natuklasan mula sa mga datos na nakalap nabuo ang konklusyon na ang *social* seryeng “*Better than Fiction*” ay naglalahad ng mga panibagong konstruksyon ng ideya ng mga kabataan sa kasalukuyang panahon. Natuklasan na may tatlong pagpapahalagang Pilipino sa pakikipagrelasyon na nabunyag sa kuwento: ang Paayong Pagpapahalaga na sumasaklaw sa hiya, utang na loob at pakikisama, Mga Kaugnay na Kilos na sumasaklaw sa biro, lambing at tampo, at Pagpapahalagang Tulay ng Sarili sa Iba na sumasaklaw sa pakikiramdam ng mga Pilipino.

REFERENCES

- [1] Cabatbat, Anne Clarisse N. Creencia, Colleen P. Enriquez, Jonalyn S. Formes, Lyra Joy M. Lucero, Abigail Ray T. Mendoza, Kyla Bianca B. Pangilinan, Akkira S. Volante, Rey David John D. Wika Ng Pag-Ibig: Implikasyon Sa Kultura Ng Mga Pilipino. Mataas na Paaralang Pang-Agham Ng Makati. 2016

- [2] Yacat, Jay A. Tungo sa Isang Mas Mapagbuong Sikolohiya: Hamon sa Makabagong Sikolohiyang Pilipino. Psychological Association of the Philippines, 2012.
- [3] Clemente, Jose Antonio R. Galang, Adrienne John R. Arpon, Alessandra T. Sino ang May Hiya at Sino naman ang Wala? Paunang Pagtitibay sa Panukat ng Hiya Bilang Isang Pagpapahalaga. Department of Psychology De La Salle University, Manila. DIWA E-Journal Tomo 5 <http://www.pssp.org.ph/diwa/diwa-e-journal-tomo-5-nobyembre-2017-sino-ang-may-hiya-at-sino-naman-ang-wala-paunang-pagtitibay-sa-panukat>
- [4] Navarro, Atoy M. Aguirre, Alwin C. Pambungad ng mga Patnugot Mga Pagpapahalaga at Sikolohiyang Pilipino Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino ISSN 2350-7624 4-A Alcal Building, 285 Katipunan Ave., Quezon City: <http://www.pssp.org.ph/diwa/diwa-5/> DIWA E-Journal, Tomo 5 (2017)
- [5] Navarro, Atoy M. Petras, Jayson D. Batangan, Maria Theresa Ujano. Kasaysayan, Lipunan, At Sikolohiyang Pilipino. Diwa E-Journal Tomo 1, Bilang 1, Nobyembre 2013
- [6] Angeles, Judith R., Bacarro, Tracie Kathlyne B. F.P.A. Demeterio, III, Geronimo, Jonathan Vergara and Peliño, Patricia Bettina L. On Filipino Identity and Culture. Sa Kanilang Naiibang Pag-iindak at Pamumukadkad: Performativity at Pagkalesbiyan sa mga Indie Film na Rome and Juliet at Ang Huling Cha-Cha ni Anita. December 2016
- [7] Mataragnon, Rita H. A Conceptual and Psychological Analysis of Sumpong. University of the Philippines Vol. 10, No. I. Philippine Journal of Psychology (1977)
- [8] De Vera, Galyna. Pagseselos: Tanda nga ba ng Pagmamahal?. Retrieved from <https://leeexdeveraword.wordpress.com/2016/09/21/pagseselos-tanda-nga-ba-ng-pagmamahal/>. Retrieved on October 21, 2018
- [9] Yabut, Homer J. at Fernando-Resurreccion, Katrina. Pagpapakahulugan at Manipestasyon ng Pakikiramdam sa Konteksto ng Paggabay-Pagpapayo at Sikoterapiya. Departamento ng Sikolohiya, Pamantasang De La Salle. Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino ISSN 2350-7624 4-A Alcal Building, 285 Katipunan Ave., Quezon City. <http://www.pssp.org.ph/diwa/diwa-5/> DIWA E-Journal, Tomo 5 (2017)
- [10] Reyner, Anjelique. Siyam na Palatandaan na Magtatagal ang Isang Relasyon. Retrieved from <http://reyner-anjelique./2013/01/9-palatandaan-na-magtatagal-ang-isang.html>, Retrieved on November 4, 2018